AKALA KO
(Para sa mga nasa Peace Shelter,
Stairway Foundation, Kaibigan,
at iba pa)
Lyrics by Vim Nadera
Music by Paul V. Pena

Akala ko ang lahat
Nakukuha sa iyak.
Sanggol akong ang hanap
Lagi ang aking gatas.

Akala ko kay Inay
At kay Itay ang kamay
Na hindi pumapatay
Kundi pumapatnubay.

KORO:
Merong maling akala,
At meron namang tama,
Basta naniniwala,
Imposible ay wala.

Akala ko sa kalye
Ako mas masuwerte.
Kaya lang, mas marami
Pa pala roong salbahe.

Akala ko wala na
Akong bagong pag-asa.
Pero nakita kita
Lahat biglang gumanda.

(Ulitin ang KORO)